

Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 29

"9 Mapapalad ang mga mapagpayapa: sapagka't sila'y tatawaging mga anak ng Dios." (Mateo 5:9)

Ating pagaaralan ngayon ang Mateo 10 at ating matutuklasan ng mas malinaw ano ang ibig sabihin ni Jesus sa mga tagapagpaya at paanong nais Niya isabuhay ang buhay natin para sa Kanya.

"1 At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labingdalawang alagad, at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumal dumal na espiritu, upang mapalabas nila, at upang kanilang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring karamdaman." (Mateo 10:1) Si Jesus ay tinawag ang Kanyang mga apostoles, ang labindalawang disipolo upang pumunta at maging mga tagapagpaya. Inaatasan Niya sila upang pumunta at palayasin ang hindi malinis na espiritu. Siya ay magbigay ng kapangyarihan laban sa kapangyarihan ng kadiliman, at bibigyan sila ng nga kaloob upang pagalingin ang lahat ng uri ng karamdaman. Ang mga karamdaman ay tanda ng pagkakasakit. Ang mga sakit ay malinaw na tumutukoy sa mga nilalang na mayroong kaguluhan. Halimbawa kahinana, sakit ng ulo, pagkalumpo, epilepsy, ay mga karamdaman, ngunit ang bukol sa utak, pangangasim ng sikmura, pamamaga ng tonsil ay mga sakit. Sa parehong paraan, kapag ang Diyos ay tinawag tayo, inihahanda Niya tayo sa laban, at sinasanay tayo ng maayos upang makapunta at gawin ang gawain Niya sa mas mabisang paraan.

"2 Ang mga pangalan nga ng labingdalawang apostol ay ito: Ang una'y si Simon na tinatawag na Pedro, at si Andres na kaniyang kapatid; si Santiago na anak ni Zebedeo, at ang kaniyang kapatid na si Juan; 3 Si Felipe, at si Bartolome; si Tomas, at si Mateo na maniningil ng buwis; si Santiago na anak ni Alfeo at si Tadeo; 4 Si Simon na Cananeo, at si Judas Iscariote, na siya ring sa kaniya'y nagkanulo." (Mateo 10:2-4) Ito ang mga pangalan ng labindalawang alagad na ipinadala ni Jesus. Si Pedro ang una at kanilang pinuno, na kahit tayo'y nasunod sa aklat ng Gawa siya nanatiling sa pangunguna sa simbahan. Pagkatapos ang lahat ay nabanggit. Kapag tayo ay ipinadala ng Panginoon, tayo ay tinawag at ipinadala sa ating mga pangalan. Si Jesus ngayon ay tinatawag tayo at ipinapadala ang bawat isa sa atin na maging tagapagpaya. Si Mateo ang publikano na maniningil ng buwis ngunit binago ng Diyos ang kanyang buhay na makasalanan at iniwan niya ang dating makasalang pamamaraan ng buhay at kanyang panginigil at nagsimulang sumunod Kay Cristo. Kapag ang Diyos ay tinawag tayo, tayo ay magkakatulad, namumuhay sa isang buhay ng kasalanan, ngunit tayo tinubos, pinabanal at naging anak ng Diyos, at tinawag upang maghatid ng kapayapaan sa iba. Kapag ginawa natin ito, tayo ay pinagpala at masaya at mayroong kagalakan sa ating mga puso at sa ating mga buhay; tayo magiging anak ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu Cristo ating Panginoon at sa pagiging mga tagapagpaya.

"5 Ang labingdalawang ito'y sinugo ni Jesus, at sila'y pinagbilinan, na sinasabi, Huwag kayong magsitungo sa alin mang daan ng mga Gentil, at huwag kayong magsipasok sa alin mang bayan ng mga taga Samaria: 6 Kundi bagkus magsiparoon kayo sa mga tupang nangawaglit sa bahay ni Israel." (Mateo 10:5-6) Ngayon dito ang Panginoon ay labag dito upang pumunta sa mga Samaritano at sa mga Hentil, ngunit dapat nilang sundin ang mahusay na pamamaraan ni Jesus na magsimula sa tahanan. Mula sa Jerusalem, Judea, Samaria, pagkatapos sa kahulihan ng mundo. "8 Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhilang hangganan ng lupa." (Gawa 1:8) Kaya kailangan nating simulan sa tahanan. Kailangan nating ihatid ang mabuting balita ni Jesus sa ating mga pamilya, at sa ating mga tahanan, at kamaganakan, ito ay Jerusalem, pagkatapos sa ating mga kapitbahay at mga kaibigan sa parehong bayan na tayo ay nakatira ito ay Judea, pagkatapos sa ibang bayan sa parehong bansa na tayo ay nakatira, ito ay Samaria, pagkatapos sa lahat ng mga bansa at sa buong mundo at ito ay ang pinakahuling bahagi ng lupa. Sa pagbuo ng media na naging napakadali upang gawin. Sakatuwid kailangan nating pagdaanan ang lahat ng mga hakbanging ito, isa-isa at kailangan gawin natin sila sa ganitong programang paraan na nais ng Diyos na gawin natin. Hindi tama ba ang mga apostoles ay pumunta sa Samaria at sa mga Hentil at iwanan ang mga Judio. Una, dapat nilang gawin ang kanilang bahagi sa mga Judio, at pagkatapos sa huli, kailangan nilang pumunta sa iba. Ang ating mga pamilya, ating mga magulang, ating mga asawa, ating mga anak, kailangan una nating abutin, pagkatapos sa huli ang ating mga kamaganakan at pagkatapos ang ating mga kapitbahay at mga kaibigan. Kaya't mayroong mga pangunahin na kailangan upang abutin.

"7 At samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na." (Mateo 10:7) Ang Kaharian ng Diyos ay malapit at nasa kamay ng mga nagnanais na magsisi at tanggapin si Cristo Bilang tagapagligtas at Panginoon sa kanilang buhay. Tayo bilang mga tagapagpaya ay dapat may kamalayan na si Jesus ay gusto tayong pumunta sa bagong mga tao at ihayag sa kanila ang mabuting balita. Kailangan laging nakabukas ang ating mga bibig at talakayin ang Salita ng Diyos at ipahayag ang kalooban ng Diyos.

"8 Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad." (Mateo 10:8) Ang Panginoon ay mayroong ibinigay sa Kaniyang mga apostoles ng maraming espiritwal na mga kaloob at iyon ang tutulong sa kanilang misyon ng mga tagapagpaya. Ang Diyos sa parehong paraan ay mayroong ibinigay sa atin ng maraming espiritwal na mga kaloob na tutulong sa atin sa pagsisikap upang makapagdala ng kaligtasan at ang kapayapaan ng Diyos sa iba. Bilang mga tagapagpaya maari tayong makapaghatid ng kapayapaan ng Diyos, sa pamamagitan ng kaloob ng pagpapagaling, sa pagpatong mg ating mga kamay sa may sakit na mga tao, sa pamamagitan ng paglilinis sa mga may ketong, at sa humiwalay mula sa Diyos at mula sa Kaniyang bayan sa paggamit ng Salita ng Diyos at ang kautusan ni Jesus. Tayo ay magpapatuloy upang aliwin ang mga tao na nasa kaguluhan, upang magsalita ng mabuting salita sa mga nasa pagsubok at kailangan ng nakakapagpatibay na salita. Maari tayong maging tagapagpaya sa pamamagitan ng pagbuhay ng patay, at pagpapalayas ng mga demonyo. Si Jesus ay iginawad sa Kanyang simbahan ang maraming kaloob upang makapaghatid ng kapayapaan ng Diyos iba at upang maging tagapagpaya para sa mundo. Tayo ay tinawag upang ibahagi ang lahat ng mga kaloob na ito ng

malaya habang ating natanggap ng malaya. Ano ang ating natanggap mula sa Diyos, natanggap natin ng malaya, sa gayon kailangan nating ibahagi ito sa iba. Kailangan nating maging tagapagpaya sa pagbabahagi sa iba ng ating natanggap; ang mensahe ng kaligtasan at ang espirital na mga kaloob ng pagpapagalang, at pagpapalayas ng mga demonyo, paglilinis ng ketongin, at pagbuhay ng mga tao mula sa kamatayan. Bakit kailangan nating palayasin ang mga demonyo? Dahil sila ang unang sumasalungat sa pagkilos ng simbahan at ginagamit ang mgabtao upang salungatin ang pagunlad ng simbahan.

"9 Huwag kayong mangagbaon ng ginto, kahit pilak, kahit tanso sa inyong mga supot: 10 Kahit supot ng pagkain sa paglalakad, kahit dalawang tunika, kahit mga pangyapak, o tungkod: sapagka't ang manggagawa ay karapatdapat sa kaniyang pagkain." (Mateo 10:9-10) Dito ang Panginoon ay nagutos sa mga alagad na huwag magalala na magdala at mag handa ng ginto, pilak, tanso sa kanilang sisidlan (sa halip sa ating pera ngayon), walang supot (isang bag upang ilagay ang kanilang mga gamit) at pagkain para sa paglalakbay, damit, sapatos, o baston upang tulungan sila na makalakad para sa kanilang paglalakbay at gamitin iyon sa pakikipaglaban, hindi dahil hindi nila kailangan ang mga ito, hindi dahil dapat hindi sila magalala upang ihanda ang mga iyon, ngunit sila'y mabibigatan para sa kanila na magdala at kumilos ng mabilis, at dahil sila'y maaring makatanggap ng ganoong mga bagay mula sa mga inaabot nila at sa dindisiplina nila. Ganon din hindi kakailanganin isama ang mga ito dahil ang kanilang paglalakbay ay hindi mahaba at ang mga bagay na iyon ang sagabal sa kanilang paglalakbay na makapunta ng mabilis. Ngunit ito din ay kailangan dalhin at tanggapin dahil kung hindi nila tatanggapin ang mga ito mula sa mga inaabot nila, ang kanilang paglalakbay at paglilingkod ay mas mahirap ng wala iyon. Kaya't dito ang mga tagapagpaya ay dapat maging handa upang sabihan ang mga iniibanghelyo at tinuturuan upang ibigay sa kanila ano ang kanilang kailangan sa materyal na mga bagay, ganon ang kanilang ikapu, ang kanilang handog, ang kanilang unang bunga, kanilang panata, at anuman ang kanilang sinabi sa Panginoon, "9 Huwag kayong mangagbaon ng ginto, kahit pilak, kahit tanso sa inyong mga supot:" (Mateo 10:9) Dito ang Panginoon ay nagutos sa mga alagad na huwag magalala na magdala at mag handa ng ginto, pilak, tanso sa kanilang sisidlan (sa halip sa ating pera ngayon), walang supot (isang bag upang ilagay ang kanilang mga gamit) at pagkain para sa paglalakbay, damit, sapatos, o baston upang tulungan sila na makalakad para sa kanilang paglalakbay at gamitin iyon sa pakikipaglaban, hindi dahil hindi nila kailangan ang mga ito, hindi dahil dapat hindi sila magalala upang ihanda ang mga iyon, ngunit sila'y mabibigatan para sa kanila na magdala at kumilos ng mabilis, at dahil sila'y maaring makatanggap ng ganoong mga bagay mula sa mga inaabot nila at sa dindisiplina nila. Ganon din hindi kakailanganin isama ang mga ito dahil ang kanilang paglalakbay ay hindi mahaba at ang mga bagay na iyon ang sagabal sa kanilang paglalakbay na makapunta ng mabilis. Ngunit ito din ay kailangan dalhin at tanggapin dahil kung hindi nila tatanggapin ang mga ito mula sa mga inaabot nila, ang kanilang paglalakbay at paglilingkod ay mas mahirap ng wala iyon. Kaya't dito ang mga tagapagpaya ay dapat maging handa upang sabihan ang mga iniibanghelyo at tinuturuan upang ibigay sa kanila ano ang kanilang kailangan sa materyal na mga bagay, ganon ang kanilang ikapu, ang kanilang handog, ang kanilang unang bunga, kanilang panata, at anuman ang kanilang sinabi sa Panginoon, "sapagka't ang manggagawa ay karapatdapat sa kaniyang pagkain" (Mateo 10:10) Habang tayo'y kumikilos upang ihatid ang mabuting balita sa iba tayo ay karapatdapat na makatanggap ng suporta sa mga inaabot natin.

"11 At sa alin mang bayan o nayon na inyong pasukin, siyasatin ninyo kung sino roon ang karapatdapat; at magsitahan kayo roon hanggang sa kayo'y magsialis." (Mateo 10:11) Ang Salitang "karapatdapat" dito ang Hebreo salita na ito ay "Axios", at ang ibig sabihin nito ay pagtimbang, pagkakaroon ng timbang, pagkakaroon ng timbang ng ibang bagay na may halaga, nagkakahalaga ng marami, Ngayon ating masdan, ano ang sinabi ng Panginoon, "sapagka't ang manggagawa ay karapatdapat sa kaniyang pagkain." (Mateo 10:10) Sa gayon maaring isipin na sinabi ni Jesus na kailangan nating abutin ang karapatdapat na mga tao upang makatanggap ng karapatdapat na mga bagay. Hindi lamang iyon, ngunit para sa mas mabuting bunga at katatagan ng ministerio na kailangan natin upang gawin sa mga karapatdapat na mga tao na pinapahalagahan ang mabuting mga bagay at lalo na sa mga bagay ng Diyos.

Ang ibang Banal na Kasulatan na nagsasabi tungkol sa Salitang "karapatdapat" ating mababasa sa ibang lugar ng Banal na Kasulatan upang ating maunawaan kung paano ang Diyos ay gusto tayong maging mga tagapagpaya.

1. "4 Huwag kayong magsipagdala ng supot ng salapi, ng supot man ng pagkain, ng mga pangyapak man; at huwag kayong magsibati kanino mang tao sa daan. 5 At sa alin mang bahay na inyong pasukin, ay sabihin ninyo muna, Kapayapaan nawa sa bahay na ito. 6 At kung mayroon doong anak ng kapayapaan, ang inyong kapayapaan'y mananatili sa kaniya: datapuwa't kung wala, ay babalik ito sa inyong muli. 7 At magsipanatili kayo sa bahay ding yaon, na kanin at inumin ninyo ang mga bagay na kanilang ibigay: sapagka't ang manggagawa ay marapat sa kaniyang kaupahan. Huwag kayong mangagpalipatlipat sa bahaybahay. 8 At sa alin mang bayan na inyong pasukin, at kayo'y kanilang tanggapin, ay kanin ninyo ang mga bagay na ihain sa inyo:" (Lucas 10:4-8)

2. "18 Sapagka't sinasabi ng kasulatan, Huwag mong lalagyan ng busal ang baka pagka gumigiik. At, ang nagpapagal ay karapatdapat sa kaupahan sa kaniya." (1 Timoteo 5:18) Habang tayo ay nagpapatuloy at ipinapahayag ang Salita at naglilingkod sa mga tao, pagkatapos tayo, ang manggagawa, ay karapatdapat na makatanggap ng gantimpala mula sa mga ating pinaglilingkuran.

3. "44 At nang sumunod na sabbath ay nagkatipon halos ang buong bayan upang pakinggan ang salita ng Dios. 45 Datapuwa't nang makita ng mga Judio ang mga karamihan, ay nangapuno ng kapanaghilian, at tinutulan ang mga bagay na sinalita ni Pablo, at nagsipamusong. 46 At nagsipagsalita ng buong katapangan si Pablo at si Bernabe, at nagsipagsabi, Kinakailangang salitain muna ang salita ng Dios sa inyo. Yamang inyong itinatakuwil, at hinahatulan ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay, narito, kami ay pasasa mga Gentil. 47 Sapagka't ganito ang ipinagutos sa amin ng Panginoon, na sinasabi, Inilagay kitang isang ilaw ng mga Gentil, Upang ikaw ay maging sa ikaliligtas hanggang sa kahulihuhang hangganan ng lupa. 48 At nang marinig ito ng mga Gentil, ay nangagalak sila, at niluwalhati ang salita ng Dios: at nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang hanggan. 49 At lumaganap ang salita ng Panginoon sa buong lupain. 50 Datapuwa't inudyukan ng mga Judio ang mga babaing masisipag sa kabanalan na may mga kalagayang mahal, at ang mga mahal na tao sa bayan, at nangagbangon ng paguusig laban kay Pablo at kay Bernabe, at kanilang pinalayas sila sa kanilang mga hangganan. 51 Datapuwa't ipinagpag nila ang alabok ng kanilang mga paa laban sa kanila, at

nagsiparoon sa Iconio. 52 At ang mga alagad ay nangapuspos ng kagalakan at ng Espiritu Santo." (Gawa 13:44-52) Si Pablo at Barnabas ay sinabi sa mga Judio na sumasalungat sa kanila ng harapan, ikaw ay hindi karapatdapat ng Salita ng Diyos at ng buhay na walang hanggan bilang ating mababasa dito: "At nagsipagsalita ng buong katapangan si Pablo at si Bernabe, at nagsipagsabi, Kinakailangang salitain muna ang salita ng Dios sa inyo. Yamang inyong itinatakuwil, at hinahatulan ninyong hindi kayo karapatdapat sa walang hanggang buhay, narito, kami ay pasasa mga Gentil." (Gawa 13:46) at ipinahayag sa kanila na sila'y pupunta sa mga Hentil at iyon ang naging sanhi ng matinding paguusig laban sa kanila.

4. "32 At ano pa ang aking sasabihin? sapagka't kukulangin ako ng panahon kung sasaysayin ko ang tungkol kay Gideon, kay Barac, kay Samson, kay Jefe; tungkol kay David, at kay Samuel at sa mga propeta: 33 Na ang mga ito, sa pamamagitan ng pananampalataya'y nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katuwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga leon, 34 Nagsipatay ng bisa ng apoy, nangakatanan sa talim ng tabak, nagsilakas sa kahinaan, naging mga makapangyarihan sa pakikipagbaka, nangagpaurong ng mga hukbong taga ibang lupa. 35 Tinanggap ng mga babae ang kanilang mga patay sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli: at ang iba'y nangamatay sa hampas, na hindi tinanggap ang kanilang katubusan; upang kamtin nila ang lalong mabuting pagkabuhay na maguli: 36 At ang iba'y nangagkaroon ng pagsubok sa pagkalibak at pagkahampas, oo, bukod dito'y sa mga tanikala at bilangguan naman: 37 Sila'y pinagbabato, pinaglagari, pinagtutukso, pinagpapatay sa tabak: sila'y nagsilakad na paroo't parit o na may balat ng mga tupa't kambing: na mga salat, nangapipighati, tinatampalasan; 38 (Na sa mga yaon ay hindi karapatdapat ang sanglibutan), na nangaliligaw sa mga ilang at sa mga kabundukan at sa mga yungib, at sa mga lungga ng lupa." (Hebreo 11:32-38) Silang mga bayani sa lahat ng kanilang pagdurusa at ang pangaabuso na kanilang natanggap, ibig sabihin ang mundo ay hindi karapatdapat aa kanila; ang sangkalupaan ay hindi matapat ibigay sa kanila. Sa parehong paraan, kapag ginawa na natin ang lahat ng ating magagawa upang tulungan ang mga tao at gawin ang pinakamahusay para sa kanila bilang ang Diyos ang nagtalaga, at hindi tratuhin tayo at gantimpalaan tayo ng masama para sa mabuti, pagkatapos sila'y hindi karapatdapat sa atin.

Sa gayon ang Panginoon ay inutusan ang Kanyang mga apostoles at inutusan tayo ngayon upang hanapin ang karapatdapat na lalaki upang makatanggap ng karapatdapat na mga bagay. Hindi ko sinasabi dito na dapat tumingin sa mga tao na makakapagbigay ng materyal na mga bagay, kahit na ang Panginoon ay inirekomenda iyon dahil ito'y kinakailangan at kailangan natin iyon, ngunit kailangan nating hanapin ang mga taong magpapahalaga ng mga bagay ng Diyos, at pahalagahan ang mga bagay na inihahatid sa kanila ng mensahe ng Diyos, ang mga kaloob ng Diyos, at ang mga biyaya ng Diyos sa kanilang buhay. Maaring sila ay mahirap na mga tao, ngunit sila'y handa kahit magbigay, sa kanilang kahirapan sa lahat ng kaya nilang ibigay para sa Diyos at upang suportahan ang gawain ng Diyos aa pagsuporta sa atin.

Kaya kailangan nating hanapin ang para sa karapatdapat na mga tao sa bayan o sa ibang lugar na ang Diyos ang nagpadala sa atin upang abutin sila at upang abutin ang mga ito.

Kaya't dito ay ipinaliwanag ni Jesus ng malinaw kung paano tayo maari maging tagapagpaya, hindi maging sangkalan, ngunit upang makilala mula sa simula kanino tayo nakikipagusap at kung kung sila'y handang magpakumbaba at tanggapin ang Salita ng Diyos at kaparaanan ng Diyos.

Ang isang tao na handa lamang tumanggap ngunit hindi handang magbigay, sa gayon siya ay hindi karapatdapat na tao; kailangan nating lumayo mula sa tao ito. "11 At sa alin mang bayan o nayon na inyong pasukin, siyasatin ninyo kung sino roon ang karapatdapat; at magsitahan kayo roon hanggang sa kayo'y magsialis." (Mateo 10:11)

Habang tayo'y tinatanggap sa bahay na iyon kailangan nating manatili doon at huwag magpatuloy paglipat sa pagabot sa iba pang mga lugar upang makatanggap ng higit pang materyal na mga bagay. Hindi tayo naglilingkod sa Diyos upang suportahan ang ating sariling tiyan. Samakatuwid sa sandaling natagpuan na natin ang isang karapatdapat na tao kailangan nating manatili sa Kanyang bahay. Ang punto gusto ni Jesus na bigyang diin dito ay kailangan nating maging kuntento sa anong ating natatanggap. "7 At magsipanatili kayo sa bahay ding yaon, na kanin at inumin ninyo ang mga bagay na kanilang ibigay: sapagka't ang manggagawa ay marapat sa kaniyang kaupahan. Huwag kayong mangagpalipatlipat sa bahaybahay. 8 At sa alin mang bayan na iyong pasukin, at kayo'y kanilang tanggapin, ay kanin ninyo ang mga bagay na ihain sa inyo:" (Lucas 10:7-8)

"12 At pagpasok ninyo sa bahay, ay batiin ninyo ito. 13 At kung karapatdapat ang bahay, ay dumoon ang inyong kapayapaan: datapuwa't kung hindi karapatdapat, ay mabalik sa inyo ang kapayapaan ninyo." (Mateo 10:12-13) Kaya't dito ang pagsaludo sa mga tuntunin at ang mga kundisyon ng Salita ng Diyos. Kung ang mga silanh ga nasa bahay ay karapatdapat tatanggapin nila ang Salita ng Diyos ng mabuti at illapat ang mga ito.

Samakatuwid hindi nating kailangan upang makikompromiso (habang ang ginagawa sa ngayon ang mensahe ay hinahaluan upang paluguran ang mga tao) ngunit tayo dapat sabihin sa kanila ng deretso ang Salita ng Diyos; ang buong katotohanan ay kailangan sabihin sa kanila, pagkatapos ating pagmamasadan kung sila'y tumugon sa atin o sila'y may reaksiyon at tatanggi sa atin. Kaya kung sila ay karapatdapat tatanggapin nila at ilalapat. Ngunit kung nila tatanggapin iyon sa gayon kukunin natin ulit ang Salita ng Diyos ay ang kapayapaan ng Diyos, ang mga biyaya at ang kasiyahan ng Diyos na ating inaalok sa kanila.

Dahil ayaw nilang tanggapin tayo at ayaw nilang tanggapin ang Salita ng Diyos, sa gayon kailangan nating umalis mula sa bahay na yaon o sa bayan sa pagpapag ng alikabok mula sa ating mga paa; sa kanilang pagtanggi, pagkatapos sila'y nagaanyaya ng galit ng Diyos upang dumating sa kanila.

Hayayang anh kapayapaan ay bumalik sa inyo o "ito'y bumalik sayo"; ang kaligayahan na hinahangad ay dadating sa kanila, at ang mga panalangin at mabuting hinahangad ng mga apostoles ay walang bisa, at walang epekto, na may paggalang sa pamilya at sa bahay na iyon, ngunit ito'y magagawang mabuti sa mga apostoles; at sila'y dapat iderikta sa ibang bahay, kung saan sila'y makakatagpu ng mga taong higit na mapagbigay at malayang istimahin sila.

"14 At sinomang hindi tumanggap sa inyo, ni duminig sa inyong mga pananalita, pagalis ninyo sa bahay o bayang yaon, ay ipagpag ninyo ang alabok ng inyong mga paa." (Mateo 10:14) Pagpagpag ng alikabok sa iyong paa, ay upang malinis ang responsibilidad sa harapan ng Diyos; ang kanilang dugo ay nasa kanilang sariling ulo. Pagpagpag ng alikabok mula sa kanilang paa, una, ay silay pumunta sa kanila at inabot sila, ngaon dahil silay hindi tumugon, silay nagpagpag ng alikabok sa kanilang mga paa, pangalawa, ibig sabihin na wala ng magagawa sa kanila sapagkat walang anumang bagay na magagawa sa kanila, pangatlo at ang alikabok na iyon na ipinagpagpag ay isang patotoo para doon, na sila'y tumanggi sa mensahe ng Diyos sa kanila, at iyon ang magiging paglala ng kanilang pagkondena. Ang pagpagpag ng alikabok sa kanilang paa ay tulad ng kanilang kasamaan, pangapat na kahit ang alikabok ng kanilang bansa ay mahahawa doon, at samakatuwid inalog nila ito, para madumihan sila, tulad ng isang alikabok ng bansa na pagano ay inakala ng mga Judio na gawin, ibig sabihin sila'y hindi malinis at kahit ang kanilang alikabok ay hindi malinis, marami, nakakasama at kinakailangan upang mayanig.

"15 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma at ng Gomorra sa araw ng paghuhukom, kay sa bayang yaon." (Mateo 10:15) Dito ang Panginoon ay nagdeklara sa Kanyang mga apostoles ang paghatol ng Diyos paano ito magiging mahirap sa kanila sa mga tumanggi na tanggapin sila at tanggihan ang Salita ng Diyos na ibinibigay sa kanila. Ang tirahan ng Sodom at Gomorrah ay nabanggit, dahil, bilang sila'y kilalang kasuklam suklam na makasalanan, kaya't ang kanilang kaparusahan ay laganap, huwaran at kakilakilabot, at ang mga Israelita ay ginamit ang kaparusahang iyon upang ipahiwatig ang paghatol ng Diyos na ipinadala nya para sa mga makasalanan tulad nito. Nag sinabi ni Jesus tungkol sa hindi karapatdapat: "15 Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Higit na mapagpapaumanhinan ang lupa ng Sodoma at ng Gomorra sa araw ng paghuhukom, kay sa bayang yaon." (Mateo 10:15) Ibig sabihin sila'y makakatanggap ng higit na paghatol ngayon at sa ibang mundo, ang paghihiganti ng walang hanggang apoy, tulad ng sinabi ni Judas, "7 Gayon din ang Sodoma at Gomorra, at ang mga bayang nasa palibot ng mga ito, na dahil sa pagpapakabuyo sa pakikiapid at sa pagsunod sa ibang laman, ay inilagay na pinakahalimbawa, na sila'y nagbabata ng parusang apoy na walang hanggan." (Judas 1:7) Ang kaparusahan ng Sodom at Gomorrah ay mas banayad at makakayanan, kaysa sa mga hindi karapatdapat na naninirahan sa bayan na iyon, na tumanggi sa Mabuting balita ni Jesus at ang biyaya ng Diyos na ang mga tagapagpaya ay inihahatid sa kanila. Ang mga kasalanan ng mga nakakarinig ng Mabuting Balita at tinanggihan ito, ay mas higit kaysa sa mga nanirahan sa Sodom at Gomorrah; ang nanirahan sa Sodom at Gomorrah sa araw na iyon ng paghatol ito'y mas banayad na kaparusahan kaysa sa mga masasamang Judio at sa lahat ng mga hindi karapatdapat na mga tao, na tumanggi kay Cristo, at sa Kaniyang Mabuting Balita, at tinanggal ang Kanyang mga apostoles, ministerio, at ang mga gumagawa ng ministerio ng mga apostoles.

Sa aking mahal at minamahal:

Bilang mga tagapagpaya, kapag ang Diyos ay tinawag tayo, inihahanda Niya tayo sa laban, at sinasanay tayo ng maayos upang makapunta at gawin ang gawain Niya sa mas mabisang paraan.

Bilang mga tagapagpayapa, tinawag tayo upang maghatid ng kapayapaan sa iba. Kapag ginawa natin ito, tayo ay pinagpala at masaya at mayroong kagalakan sa ating mga puso at sa ating mga buhay; tayo magiging anak ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu Cristo ating Panginoon at sa pagiging mga tagapagpaya.

Bilang mga tagapagpayapa, kailangan nating simulan sa tahanan. Kailangan nating ihatid ang mabuting balita ni Jesus sa ating mga pamilya, at sa ating mga tahanan, at kamaganakan, ito ay Jerusalem, pagkatapos sa ating mga kapitbahay at mga kaibigan sa parehong bayan na tayo ay nakatira ito ay Judea, pagkatapos sa ibang bayan sa parehong bansa na tayo ay nakatira, ito ay Samaria, pagkatapos sa lahat ng mga bansa at sa buong mundo at ito ay ang pinakahuling bahagi ng lupa.

Bilang mga tagapagpayapa, dapat ay maging alisto na si Jesus ay gusto tayong pumunta sa bagong mga tao at ihayag sa kanila ang mabuting balita. Kailangan laging nakabukas ang ating mga bibig at talakayin ang Salita ng Diyos at ipahayag ang kalooban ng Diyos.

Bilang mga tagapagpayapa, maari tayong makapaghatid ng kapayapaan ng Diyos, sa pamamagitan ng kaloob ng pagpapagaling, sa pagpatong ng ating mga kamay sa may sakit na mga tao, sa pamamagitan ng paglilinis sa mga may ketong, at sa humiwalay mula sa Diyos at mula sa Kaniyang bayan sa paggamit ng Salita ng Diyos at ang kautusan ni Jesus.

Bilang mga tagapagpayapa, tayo ay tinawag upang ibahagi ang lahat ng mga kaloob na ito ng malaya habang ating natanggap ng malaya. Ano ang ating natanggap mula sa Diyos, natanggap natin ng malaya, sa gayon kailangan nating ibahagi ito sa iba.

Bilang mga tagapagpayapa, ay dapat maging handa upang sabihan ang mga iniibanghelyo natin at tinuturuan upang ibigay sa kanila ano ang kanilang kailangan sa materyal na mga bagay, ganon ang kanilang ikapu, ang kanilang handog, ang kanilang unang bunga, kanilang panata, at anuman ang kanilang sinabi sa Panginoon, "sapagka't ang manggagawa ay karapat dapat sa kaniyang pagkain" (Mateo 10:10) Habang tayo'y kumikilos uoang ihatid ang mabuting balita sa iba tayo ay karapat dapat na makatanggap ng suporta sa mga inaabot natin.

Bilang mga tagapagpayapa, kailangan nating maunawaan na sinabi ni Jesus na kailangan nating abutin ang karapat dapat na mga tao hindi lamang para makatanggap ng marapat na mga bagay, ngunit ganon din para sa mabuting bunga at katatagan ng ministerio kailangan nating makipagtrabaho kasama ng karapatdapat na mga tao na nagpapahalaga ng mabuting mga bagay ng Diyos.

Bilang mga tagapagpayapa, kailangan nating maunawaan na ang Panginoon ay inuutusan tayo ngayon upang hanapin ang karapatdapat na lalaki upang makatanggap ng karapatdapat na mga bagay.

Bilang mga tagapagpayapa, kapag ginawa na natin ang lahat ng ating magagawa upang tulungan ang mga tao at gawin ang pinakamahusay para sa kanila bilang ang Diyos ang nagtalaga, at hindi tratuhin tayo at gantimpalaan tayo ng masama para sa mabuti, pagkatapos sila'y hindi karapatdapat sa atin.

Bilang mga tagapagpayapa, kailangan nating hanapin ang mga taong magpapahalaga ng mga bagay ng Diyos, at pahalagahan ang mga bagay na inihatid sa kanila ng mensahe ng Diyos, ang mga kaloob ng Diyos, at ang mga biyaya ng Diyos sa kanilang buhay. Maaring sila ay mahirap na mga tao, ngunit sila'y handa kahit magbigay, sa kanilang kahirapan sa lahat ng kaya nilang ibigay para sa Diyos at upang suportahan ang gawain ng Diyos aa pagauporta sa atin.

Bilang mga tagapagpayapa ipinaliwanag ni Jesus ng malinaw kung paano tayo maari maging tagapagpaya, hindi maging sangkalan, ngunit upang makilala mula sa simula kanino tayo nakikipagusap at kung kung sila'y handang magpakumbaba at tanggapin ang Salita ng Diyos at kaparaanan ng Diyos.

Bilang mga tagapagpayapa, ang isang tao na handa lamang tumanggap ngunit hindi handang magbigay, sa gayon siya ay hindi karapatdapat na tao; kailangan nating lumayo mula sa tao ito.

Bilang mga tagapagpayapa, habang tayo'y tinatanggap sa bahay na iyon kailangan nating manatil doon at huwag magpatuloy paglipat sa pagabot sa iba pang mga lugar upang makatanggap ng higit pang materyal na mga bagay.

Bilang mga tagapagpayapa, ang ating pagsaludo sa mga tuntunin at ang mga kundisyon ng Salita ng Diyos. Kung silang mga nasa bahay ay karapatdapat ay tatanggapin nila ang Salita ng Diyos ng mabuti at illapat ang mga ito.

Bilang mga tagapagpayapa hindi nating kailangan upang makikompromiso (habang ano ginagawa aa ngayon ang mensahe ay hinahaluuan upang paluguran ang mga tao) ngunit tayo dapat sabihin sa kanila ng deretso ang Salita ng Diyos; ang buong katotohanan ay kailangan sabihin sa kanila, pagkatapos ating pagmamasadan kung sila'y tumugon sa atin o sila'y may reaksiyon at tatanggi sa atin. Kaya kung sila ay karapatdapat tatanggapin nila at ilalapat. Ngunit kung nila tatanggapin iyon sa gayon kukunin natin ulit ang Salita ng Diyos ay ang kapayapaan ng Diyos, ang mga biyaya at ang kasiyahan ng Diyos na ating inaiialok sa kanila.

Bilang mga tagapagpayapa, dahil ayaw nilang tanggapin tayo at ayaw nilang tanggapin ang Salita ng Diyos, sa gayon kailangan nating umalis mula sa bahay na yaon o sa bayan sa pagpapag ng alikabok mula sa ating mga paa; sa kanilang pagtanggi, pagkatapos sila'y nagaanyaya ng galit ng Diyos upang dumating sa kanila.

Bilang mga tagapagpaya ,hayaang ang kapayapaan ay bumalik sa inyo; ang kaligayahan na hinahangad sa mga Hindi karapatdapat o ang mga tao ay hindi dadating sa kanila, at ang mga panalangin at mabuting hinahangad na may paggalang sa pamilya iyon at sa bahayna iyon, ay babalik sayo at ikaw ang makikinabang, at ito'y mapupunta sa ibang tahanan, kung saan makakatagpo ka ng mga taong mas mapagbigay at karapatdapat na kilalanin mo.

Bilang mga tagapagpayapa, ipagpag ang alikabok sa iyong paa mula sa hindi karapatdapat na mga tao at mga bahay, ay upang lini sin ang responsibilidad sa harapan ng Diyos; ang kanilang dugo ay nasa kanilang sariling ulo.

Bilang mga tagapagpaya, unawain na ang kaparusahan ng Sodom at Gomorrah ay mas banayad at mas makayanan, kaysa sa mga hindi karapatdapat na naninirahan sa bahay o bayan na iyon, na tumanggi sa Mabuting balita ni Jesus at ang biyaya ng Diyos na ipinadala sa kanila sa pamamagitan ng iyong buhay.

Aking panalangin:

Ama naming Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, inilibing at bumangon mula sa mga patay sa ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ating ihayag sa Diyos ang ating mga kasalanan at mga maling gawain. Ating hinggin sa Diyos ang kapatawaran at kaawaan para na nagawa laban sa Kanya at laban sa ibang tao at laban sa simbahan at ang ministerio ng Diyos.

Magsisi kung may nagawa kang hindi karapatdapat na pangyayari patungo sa alagad ng Diyos na ipinadala sayo upang ibigay ang Salita ng Diyos.

Panginoon patawarin mo ako sa sumusunod naba kasalanan.

Hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pagmamataas, pagmamayabang, kasikaman, kadamutan, hindi handang magbigay, at hinggin sa Diyos ang kapatawaran para sa iyong pakikipagaway, paggawa ng mga kaguluhan sa mga alagad ng Diyos.

Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili upang manatili sa iyong Salita na aking natanggap sa mensahe na maging tunay na tagapagpaya. Panginoon ipinapangko na uunahin makapagbanghelyo. Aabutin una ang aking kasambahay, pagkatapos ang aking kapitbahay, mga kaibigan, at ang mga taong nakapaligid sa kaperong bayan na ako'y nakatira, pagkatapos ang ibang bayan sa bansa na ako'y naninirahan, pagkatapos sa lahat ng mundo.

Panginoon, ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na hanapin at abutin para sa karapatdapat na tao. Panginoon bigyan mo ako ng pagkakakilanlan at idirekta ako sa iyong Salita at ng Banal na Espiritu kung paano maabot sila.

Panginoon bigyan mo ako ng pagkakakilanlan, kababaang loob, higit na maunawaan ang iyong Salita at iyong paraan. Panginoon protektahan ako at idirekta ako paano makamantan ang aking mga kailangan. Panginoon ako'y handa upang isa buhay ang anomang akong natanggap mula sa kautusan ng mensaheng ito upang ipagpanggap ang alikabok ng aking paa bilang tanda para sa mga pamilya at gatahanan na hindi karapatdapat sayo at sayong Salita.

Panginoon ipinapanalangin ko ang aking mga kapatid na lalaki at babae na nagpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap mo upang mabuhay at ilapat ang mga prinsipyo na aming natutunan mula sa iyong Salita sa mensaheng ito, Panginoon protektahan mo sila, at ibigay sa kanila ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Panginoon aliwin mo sila at siguraduhin sa kanila na pinatawad mo na sila, at ikaw ay sumasakanila at ginagabayan sila sa kanilang buhay. Panginoon punuin mo ulit sila ng iyong Banal na Espiritu at gawin ang kanilang buhay ay patotoo at kaakit akit sa iba upang ang mga tao'y maniwala sayo at magsimulang sumunod sa iyo at mabuhay ng naayon sa iyong Salita at katuwiran. Panginoon gamitin sila upang makapagbanghelyo at makagawa ng bagong mga alagad mo at upang makabuo ng iyong simbahan, ang katawan ni Cristo.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na tulungan kami, protektahan kami, at ibigay sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon punuin mo ulit kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyan daan kami upang makapagbanghelyo at upang maabot ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni Jesu Cristo at ng Salita ng Diyos. Panginoon kami'y nanalangin na iyong bigyang daan kami upang makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa iyong simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang kami'y hindi masaktan. Sumaamin nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ng pagibig ng Diyos at ng pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mensahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.